

1

Paghinto ng kotse ay hindi na hinintay pa ni Troy na ipagbukas siya ng driver ng pinto at kaagad siyang umibis. Alam niyang huli na siya para sa hapunan at malamang na nag-alala ang kanyang Ate Letty kung bakit hindi siya nakarating.

Hindi niya kasi ugali ang mahuli o lumiban sa isang usapan lalo pa't ang kanyang nakatatandang kapatid ang nag-imbita. Alam niyang may isasangguni na naman itong suliranin. Iisa lang naman ang madalas nitong problema—ang kaisa-isang nitong anak na si Jonas.

Hindi lang kung saang parte ng Pilipinas siya nanggaling. Galing pa siya ng States; via Tokyo ang kanyang naging biyahe at hindi na niya napaabisuhan ang kanyang kapatid na nag-iba ng schedule ang flight niya patungong Maynila kaya hindi siya nakarating sa oras.

Kaagad siyang sinalubong ng mayordoma.

“Nasaan si Ate?” tanong niya.

“Nagpapahinga na po,” tugon nito. “Welcome home po.”

“Salamat,” tugon niyang nginitian ito.

“Sasabihin ko po bang dumating na kayo?”

“Sabi n’yo ay nagpapahinga na siya?” aniya.
“Hayaan n’yo na muna. Ako na ang bahalang pumunta sa kanyang kuwarto mamaya.”

Ipinasya na niyang umakyat sa kanyang permanenteng silid sa bahay na iyon tuwing siya ay bumibisita o nagbabakasyon. Papanhik na lamang siya nang may maalala. “Siyanga pala, si Jonas?” baling niya sa mayordoma.

“Nasa hardin po sa may likuran at nagpapahangin.”

“Nagpapahangin?” takang tanong niya na napatingin sa kanyang relo; alas onse na ng gabi.

Imbis na pumanhik ay minabuti na niyang hanapin sa hardin si Jonas at kausapin ito.

Tatlong taon pa lamang ang kanyang pamangkin nang mamatay ang kanyang bayaw na si Enrico Mendiola. Binatilyo pa lamang siya noon, subalit itinalaga niya ang sarili na tumayong ama para sa batang naulila. Kaya kahit saan mang sulok ng daigdig siya naroon ay kaagad siyang umuuwi kapag tinawagan siya ng kanyang ate tuwing may problema

ito sa anak.

Ngayon ay eighteen years old na ang kanyang pamangkin. Halos isa at kalahating taon din niyang hindi ito nakita. Nitong nakalipas na limang taon ay panay ang kanyang biyahe sa ibang bansa at hindi niya masyadong nabigyang-pansin ang supervision dito lalo na pagdating sa pag-aaral. Alam niyang spoiled ito ng kanyang ate na saksakan ng bait sa anak.

Naisip niya kung saan sa hardin sa likuran ng bahay naroon si Jonas. Nais niyang sorpresahin ito kaya dahan-dahan siyang lumakad upang hindi marinig ang lagatok ng kanyang sapatos sa cobblestone patio patungo sa gitna ng hardin kung saan nandoon ang grotto; napapalibutan iyon ng makakapal at matataas na halaman. May upuang kahoy roon kung saan maaaring naroon ang kanyang pamangkin.

Medyo natigilan siya nang makarinig ng tinig ng isang babaeng may accent—isang Amerikanang nagpupumilit mag-Tagalog. Sarkastiko ito at walang pakundangan ang pananalita.

“... I don’t put up with a mama’s boy’s tactics, Jonas,” anang babaeng may American accent. “Gusto mo isali kita sa mga... na-string along ko?”

Who's she? tanong niya sa sarili at saka narinig na magsalita ang kanyang pamangkin.

Babalik na sana si Troy sa bahay upang unahin na lamang kausapin ang Ate Letty niya subalit nagbago ang kanyang pasya. Imbis na magpakita sa dalawang nag-uusap ay natagpuan niya ang sariling nagkukubli sa likuran ng makapal na halamanan at saka nakinig sa usapan.

“... Please, Crystal,” ani Jonas na kanina pa nakikiusap sa dalaga, “listen to me.”

“Ay naku, Jonas!” malamig na tugon ni Crystal Gordon sa pilit na Tagalog at umikot pa ang bola ng mga mata niya dahil naiinis na siya sa kakulitan ng binata. “I no longer find you amusing!”

“Bakit ba ayaw mong makinig sa akin?” tanong nito. “Akala ko noon ay may pag-asa ako sa 'yo?”

“You know, Jonas, all akalas are mali!” tugon niya “Don't use tactics na nagkokonsyensya ka, because wala akong conscience!”

“Napaka-sweet mo noon sa akin. Nasaan na ang sweetness na iyon?”

“Don't be a fool, Jonas. May patago ka ba at

naghahanap ka ng... ano? Sweetness?” tugon niya na sinamahan pa ng halakhak. “Ang mabuti pa, you go and look for somebody na mapagtripan mo, okay? Kumuha ka ng sweet na babae dahil iyon ang bagay sa 'yo!”

“Alam mo namang in love ako sa 'yo, Crystal,” sabi ni Jonas na halos maiiyak na ang tono. “Kung hindi mo ako sasagutin, magpapakamatay ako!”

Tumaas ang kaliwang kilay ng dalaga. “Well and good!” sarkastikong sabi niya. “Do you think matakot ako sa iyong idiotic threats? Mabawasan ang mundo ng isang chicken-hearted na lalaki na katulad mo. Good riddance!”

Pagkasabi niyon ay tinalikuran na ni Crystal si Jonas. Hindi naman makasunod ang huli dahil napahiya ito sa sarili subalit naroon ang resolusyon sa isipan. *Akala niya'y hindi ko tototohanin?*

May dala pala talaga itong baril; nandoon lang iyon sa bulsa ng jacket nito at talagang ipakikita kay Crystal na hindi lang banta ang pagpapakamatay nito. Sa harap mismo ng dalaga ay magbabaril ito ng sarili. Subalit sa mga sandaling iyon ay napatitig muna si Jonas sa malamig na sandata, nag-isip-isip nang ilang sandali at saka nagpasya.

Sa kabilang direksyon dumaan si Crystal kaya hindi nito nakita si Troy. Sinundan niya ng tingin ang pigura ng dalaga at kahit medyo madilim ay nasiguro niyang maganda ang hubog ng katawan nito. Ngunit kaagad din niyang ibinalik ang atensyon sa pamangkin dahil nakarinig siya ng isang tunog na walang iba kundi pagkasa ng baril. Kaagad siyang kumilos.

Hindi niya inalintana ang matinik na baging ng malagong halaman na nasa pagitan nila ng pamangkin. Hinawi niya iyon at ilang hakbang lang ay naroon na siya at tangan ang kamay ni Jonas na noon ay may hawak nang .38 revolver na nakatutok sa sentido nito.

“Hello, Jonas,” casual niyang bati. Mabilis niyang inagapan ang baril at tinanggalan kaagad iyon ng mga bala.

“Tito Troy!” anito na nagulat sa pagsulpot ng tiyo. “What are you doing here? Hindi ba nasa America ka?”

“Wrong,” sabi niyang idineposito ang baril sa pinakaloob na bulsa ng kanyang dinner jacket. “Pinauwi ako ng mama mo.” Niyakag niya ito

na muling maupo; sumunod naman ito. “Well, tamang-tama, naghahanap ako ng makakausap dahil nagpapahinga na ang iyong mama; ikaw ang natagpuan ko. Kumusta ka na?”

Napayuko ang binata. Nahihiya itong magsabi sa tiyo ang tungkol sa problema sa puso.

“There’s no need to hesitate,” saad niya. “Sorry, at narinig ko ang usapan ninyo n’ung babae. What’s her name? Crystal? Is she an American?”

“She’s Crystal Gordon; she’s half American, half Filipino,” sagot ni Jonas na naroon na naman ang dreamy quality sa boses nito komo nabanggit ang pangalan ng dalaga. “She’s the most beautiful girl I’ve ever met, Tito Troy! You have to see her for yourself at ikaw din ay a-agree sa akin!”

“Is she really someone to die for?” nakangiting tukso niya.

“No, really, Tito Troy,” napayukong pahayag nito. “Wait till you see her! Makakalimutan mo lahat. Maski ’yung sinasabi mong pinakamaganda mong girlfriend.”

“Paano siya napunta dito? I mean, why is she here at this hour of the night?”

“Do you remember ’yung kaklase ni Mama noong college?”

Nag-isip muna siya. “Si Erinne Gordon?”

“Iyon ang mother ni Crystal at nandito siya bilang house guest ni Mama,” tugon nito.

“I see,” aniya na ina-analyze ang mga impormasyon. “And you are in love with this girl.”

“Very much, Tito Troy.”

Nauunawaan niya na iyon ang unang pag-ibig ng kanyang pamangkin. Wala pa kasing nabanggit ang Ate Letty niya na nanliligaw ang anak nito. Subalit hindi niya akalaing si Jonas ang tipo na magpapakamatay dahil sa kabiguan sa pag-ibig. Ang mahirap pa, ito ang tipo na hindi puwedeng sabihan basta na sikilin na lamang ang damdamin kung di ay lalo itong magpupursigi.

“Okay,” suko niya, “so this Crystal Gordon is Miss Virtuosity herself, pero nasa parte ka ng buhay mo na kailangan mo pang humakot ng maraming experience bago masabing umiibig ka na. You’re only eighteen. Sa tingin mo ba’y siya na talaga ang babae para sa ’yo?”

Hindi ito nakasagot.

“Can you not get a grip on yourself? Pigilan mong mangibabaw ang emotions mo.”

Umiling ito. “It’s easy for you to say that, Tito Troy, dahil wala pang babaeng nambasted sa ’yo,” anito. “Samantalang ako, unang panliligaw pa lamang ay ganito agad ang nangyari sa akin.”

“Hindi komo nabigo ka sa una’y mabibigo ka sa lahat,” mahinahong payo niya kahit nais na niya itong pitikin sa itlog. *Ano bang klaseng pagpapalaki ang ginawa ni Ate Letty sa batang ito!*

“Hindi ko alam kung bakit ganito ako ka-in love kay Crystal. Hindi ko matanggap na binigo niya ako,” tugon nito. “Noong kadarating pa lamang niya ay napaka-sweet niya sa akin. Akala ko’y may pag-asa ako sa kanya.”

“Gaya ng sabi ko, Jonas, brace yourself!”

“I’m afraid I am not that strong, Tito Troy,” malungkot na sabi nito. “Simple lang ako. Hindi ko kasi namana ang intellectual qualities ng pamilya natin.”

“I don’t believe that. Ipinagmamalaki ka ng iyong mama; kahit wala ka ng IQ na kasing-taas ng sa ama mo’y sa ’yo naman lumabas ang artistry ng aming pamilya. At mayroon akong sasabihin sa ’yo, some

sort of an advance birthday gift. I showed some of your works to a friend who owns an art gallery in New York. Nagustuhan niya ang mga iyon at iniimbita kang mag-exhibit doon along with some other young artists. The sooner possible, the better!” nakangiting balita niya.

Napanganga si Jonas sa narinig. “Tito Troy, it’s a dream come true!”

“Yeah, I know,” simpleng tugon niya. “Kung gusto mo, sa lalong madaling panahon ay aasikasuhin natin ang iyong mga papeles patungong States dahil imamount na ang exhibit in two months’ time. Kapag nahuli ka ng arrival doon ay hindi ka makakasali. Sayang ang opportunity.”

Kahit medyo may kadiliman ang paligid ay naaninag niya ang paglalaho ng excitement sa mukha ng pamangkin.

“Paraan n’yo ito ni Mama para mailayo ako kay Crystal,” mahinang saad nito.

“Hindi pa kami nakakapag-usap ng iyong mama,” sabi niya. “At saka malay mo, kapag umalis ka’y mami ka ni Crystal? Baka sumunod pa siya sa ’yo sa America, tutal naman ay taga-roon siya.”

Medyo sumaya ang mukha ng binata. “Do you

think so?”

Napakibit-balikat siya; natatawa siya sa sarili kung bakit kabinata niyang tao ay hayun siya at nangangaral bilang isang ama. “To tell you frankly,” patuloy niya, “sa tipo ng babaeng iyon, you would do well without her. Siya ang tipo ng babaeng dapat iwasan. I know you, Jonas, sensitive ka. Hindi ang Crystal Gordon na iyon ang kailangan mo sa buhay. How old is she, by the way?”

“I think malapit nang mag-twenty-three.”

“She’s five years your senior,” pakli niya. “Alam mo ba kung gaano karaming experience na ang na-accumulate niya sa limang taong advantage niya sa ‘yo?”

“What am I to do, Tito Troy?”

“You asked me that,” tugon niya, “and here’s my answer: Take that plane to the U.S. and mount that exhibit! Meet a lot of girls there para mai-compare mo ang iyong si Crystal sa kanila. You will find that there are things far more important than a beautiful face; malalaman mo ring superficial lang ang nadarama mo para sa Crystal na ito.”

“Do you really think kapag nagtungo ako sa New York, mami-miss ako ni Crystal?”

“I think lahat ng mga babae ay nami-miss ang isang admirer kapag ito’y wala na,” maingat na tugon niya. “At sigurado ako, kapag nakapagbiyahe ka’y mababago ang outlook mo sa buhay.”

Napaisip na naman si Jonas. “Kahit pa ano ang sabihin mo,” malungkot na sabi nito, “talagang ang pinupunto ng iyong mga salita ay kalimutan ko si Crystal.”

Nais na niya itong suntukin ngunit nagpigil lamang siya. Hindi niya akalaing ganoon kalambot ang personalidad ng kanyang pamangkin. “Wala akong sinasabing kalimutan mo siya,” mahinahon niyang paliwanag. “Ang sa akin lamang, kapag nagkaroon ka ng experience na marating ang iba’t ibang panig ng daigdig ay mababago ang personality mo. Mas magiging interesting ang iyong pagkatao dahil matututunan mo ang iba’t ibang mga kultura. At iyon ang gusto ng mga babae. They listen with rapt attention about exploits na sa tingin nila ay hindi nila kayang gawin.”

“I know,” nakayukong sabi nito.

“Kung aalis ka,” dagdag pa niya, “at lalayuan ang Crystal na iyon, she will realize that you are not gutless or... idiotic gaya ng akala niya ngayon.”

Kapwa sila natahimik. Si Troy ay naghintay ng pasya ni Jonas habang ang huli ay tinitimbang sa sarili kung ano ang dapat gawin.

“Gagawin ko ang sinasabi mo, Tito,” pagkuwa’y pahayag nito. “I’ll prove to Crystal na hindi ako ang tipo ng lalaking puwede niyang paglaruan dahil marami pa namang isda sa dagat!”

Elated siya sa sarili dahil nalutas na naman niya ang suliranin ng kanyang Ate Letty gayong hindi pa sila nakakapag-usap nito.

Noon naalala ng kanyang pamangkin ang ina nito. “Payagan kaya ako ni Mama na mag-abroad?”

The mama’s boy! bulalas niya sa sarili na nagpigil na namang uminit ang ulo. “Ako ang bahala sa mama mo,” tugon niyang tumindig na at nagsimulang lumakad pabalik sa bahay. Gumaya naman ang kanyang pamangkin. “Huwag mo munang sasabihin sa kanya ang ating napag-usapan.”

“Sure,” masaya nang turan nito at saka napansin ang ilang tuyong dahon at siit na sumabit sa dinner jacket ng tiyo. Pinalis nito ang mga iyon. “Gosh! Tito Troy, hindi ko alam kung paano mo nahawi nang ganoon ang mga baging ng bougainvillaea. Ang lakas siguro ng mga braso mo.”

“Bakit, ano’ng akala mo sa tiyo mo, matanda na? Sampung taon lang naman ang age gap natin!” sabi niyang ginulo ang buhok ni Jonas at saka inakbayan ito.

“Wala akong sinasabing ganoon, Tito,” natatawang saad nito. “Pero maalala ko, bakit hindi ka pa nag-aasawa? Hindi ba marami kang girlfriends?”

“Hayaan mo sila,” sabi niya. “Yon ang manahin mo; ikaw ang dapat na nagpapaiyak ng mga babae, hindi ikaw ang umiiyak.”

Napangiti lamang ito.

Pagpasok nila sa bahay ay siniguro ni Troy na sa silid nito kaagad nagtuloy si Jonas. “Ipangako mong wala kang gagawin na ikalulungkot namin ng iyong mama,” mahinahon ngunit firm na sabi niya.

“Yes, Tito Troy,” tugon nito. “I promise.”

Noon din ay nagtungo siya sa silid ng kapatid at kahit nahihimbing ito sa pagtulog ay ginising niya. “Hello, Ate,” bati niya at hinalikan ito sa noo.

“Troy,” pupungas-pungas nitong sabi, “ba’t ngayon ka lang?”

“I had to change flights at the last minute,” sagot niyang naupo sa gilid ng kama. “By the way, ano ang

problema?”

Kaagad na nalungkot ang mukha nito.

“Ang mabuti pa,” pasya niya na tumindig, “bumaba tayo sa kusina. We’ll talk this over habang ako ay kumakain.”

Suot ay ang satin wrapper, nanaog si Letty Mendiola at natagpuan sa kusina si Troy na ipinaghanda ng pagkain ng mayordoma.

“For a seasoned traveler, ikaw na yata ang pinakametikulo,” anito na naupo sa kanang silya sa tabi ng kapatid. “Hindi ka talaga mahilig ng airline food, ’no?”

“I’d rather starve.”

“Have you seen Jonas?”

“In fact, I did.”

“Ano ang napag-usapan n’yo?”

“Wala naman,” tugon niya. “May sinabi lang ako tungkol sa isang exhibit na puwede niyang salihan sa New York.” Hindi niya puwedeng sabihin dito na nagtangkang magpakamatay ang kaisa-isa nitong anak at baka mauna pa itong mamatay.

“That’s nice,” pakli nito na walang sigla ang boses. “But how will you make him leave the country?”

“Get to the point, Ate,” ganyak niya. “Ano na naman ang problema mo sa iyong anak?”

Napabuntung-hininga muna ito bago nakasagot. “I have this house guest from the States,” simulang paliwanag nito. “Anak siya ng best friend ko noong college na si Erinne Gordon, remember her? Do you remember, too, noong magpunta ako sa San Francisco na iniwan ko sa ’yo si Jonas? Doon ako kina Erinne tumuloy. That was the first time I met Crystal and she was a very nice girl. And because I was so fond of her, sabi ko sa kanya noon na kapag naisipan niyang magbakasyon dito sa Pilipinas, welcome siya sa aking tahanan. Then my friend died the following year; Crystal was just thirteen then.

“So, it was only two months ago—ten years after I made that promise—that she called me on the phone and said she wanted to come here for a vacation. Of course, a promise is a promise; hindi ko siya natanggihan. But the thing that surprised... shocked me, rather was... iba na ang ugali niya. She’s the most unpleasant person I’ve encountered in a long time. But she *is* very attractive. Hindi kataka-takang mahumaling ang aking anak at iba pang mga lalaki

sa kanya.”

“What is external beauty when you yourself said she’s unpleasant?” tanong niya sa kapatid.

“Hindi mo pa kasi siya nakikita,” anito. “And she is very rich! Isa sa pinakamayaman ang kanyang ama sa *Nob Hill* sa San Francisco; may estates din sila sa West Coast, may mansyon sa South Hampton District ng Long Island, New York, at siya ang kaisa-isang tagapagmana ng kanyang ama!”

“A spoiled brat,” konklusyon niya.

“I’m afraid so,” naiiling na sang-ayon ni Letty. “Although I can’t blame her for behaving that way; hindi niya kasalanan na ipinanganak siyang mayaman. And she grieved so much when she lost her mother. Ang father naman niya ay walang panahon sa kanya.”

“Feeling sorry for her?”

“Ah, that’s the last thing she needs,” turan nito. “Isang malaking insulto ang siya ay kaawaan! She is so proud and sure of herself. And she thinks it’s her privilege to play around dahil lumaki siya sa paniniwalang kahit ano ay kayang bayaran ng pera.”

Naroon ang galit sa tono ng kanyang kapatid at hindi akalain ni Troy na kaya pala nito ang ganoon

kalalim na pagkamuhi para sa isang tao.

“Wait until you see or talk to her,” anito. “Malalaman mo kung bakit ganoon na lamang ang infatuation ni Jonas at iba pang mga lalaki na minalas na makilala si Crystal. Troy, please, tulungan mo akong mailayo si Jonas sa babaeng iyon. Masisira lang ang kinabukasan ng pamangkin mo sa kanya.”

Kung alam mo lang, Ate, kanina lamang ay muntik nang matapos ang kinabukasan ng anak mo! tahimik niyang sabi sa sarili.

“It tears me apart to see him make a fool of himself over that girl,” dagdag pa nito. “Alam mo bang dahil kay Crystal ay natuto nang mag-inom ang pamangkin mo? Marunong na ring manigarilyo at sabi ni Epang ay madalas daw na hindi makatulog! Ano ang gagawin ko, Troy?”

Noon siya nagkaroon ng pagkakataong ilahad ang tungkol sa sinabi niya kay Jonas. Naligayahan si Letty nang malamang pumayag na pala ang anak nito na mag-abroad na mag-isa.

“Hindi kaya malungkot siya doon?” pagkuwa’y may pag-aalalang pahayag nito. “He’s only eighteen. Kaya na ba niyang mamuhay mag-isa?”

“You will have to let go of him one of these days,

Ate,” dikta niya. “Kung hindi mo siya pababayaang mamuhay na mag-isa at matuto na hindi umaasa sa ’yo ay talagang lagi siyang mapaglalaruan ng mga babaeng katulad ng Crystal Gordon na ’yon.”

“Do you think malilimutan niya doon si Crystal?”

“Hindi natin sinasabing kalimutan niya ang babaeng iyon,” sambit ni Troy. “Ang nais nating ipamukha sa anak mo ay hindi niya deserved ang katulad ng babaeng iyon na napakababaw ng pagkatao.”

“Okay,” anitong sang-ayon na sa kanyang plano para kay Jonas, “payag na akong pumunta ang aking anak sa New York kesa naman maging miserable siya dito nang dahil lamang sa isang babae. Alam mo bang pati ang anak na binata ng pinsan ni Kumareng Pilar ay halos mabaliw din kay Crystal? Makikita mo, malamang bukas ay nandito na naman si Darren at dadalaw sa bisita natin.”

“Babalik din ako nang maaga sa Maynila bukas so, wala akong panahong makilala ang Crystal na ’yan,” malamig niyang tugon. “Aasikasuhin ko ang mga papeles ni Jonas at nang makaalis na siya agad. Wala na naman sigurong masyadong aayusin?”

“Ide-declare lamang na pupunta siya doon.”

“Gaano pa ba katagal ang bisita mo dito?”

“Sabi niya ay mga isang buwan pa siya dito sa Pilipinas,” sagot nito. “Pero sa tingin ko, baka mas matagal pa siya dahil enjoy na enjoy siya na maraming napaglalaruang mga lalaki!” himutok nito.

“Hayaan mo lang siya.”

2

Makaraan ang isang linggo ay bumalik si Troy upang sunduin ang pamangkin at ihatid ito sa airport. Ilang minuto na siyang naghihintay at naiirita na sa tagal ng mag-ina.

“Ate Letty!” tawag niya sa kapatid. “Ano ba? The plane will not wait for your son!”

Imbis na magmula sa itaas ay lumabas mula sa study room ang kanyang kapatid at atubili itong lumapit sa kanya. Napansin kaagad niya na mayroon itong sasabihin at alam nitong ikagagalit niya iyon.

“What’s the matter?” tanong niya kaagad.

Napakagat-labi si Letty. “Eh... eh, hindi na daw aalis si Jonas.”

Nasapak niya ang noo. “Ano na naman ang pumasok sa utak ng anak mo?” galit niyang tanong. “Bigyan mo ako ng permiso at susuntukin ko na iyon!”

Kaagad itong yumakap upang pigilan siya sa pagsugod patungo sa study room kung saan alam niyang naroon si Jonas at natatakot na magpakita sa kanya.

“You could hardly blame a lovesick boy,” rason ni Letty bilang pagtatanggol sa anak. “Kasalanan ito ng babaeng iyon! Ang Crystal na iyon ang dapat lumayo sa aking anak!”

“Ano ba ang hitsura ng Crystal na ito at tila pati ikaw ay saludo sa pagiging goddess ng babaeng iyon, ha?”

“Maski ikaw, Troy, masasabi mong napakaganda ni Crystal kapag nakita mo siya,” anito. “Hindi mo masisisi si Jonas na gawin ang lahat para sa babaeng ito; nagkokompetisyon ang mga lalaki ng Maynila para sa kanya at napakasuwerte na ng anak ko kung tutuusin dahil house guest ko si Crystal.”

“At iniisip naman ni Jonas na masuwerte siya’t nabigyan siya ng attention ng babaeng ito, ganoon ba?” matabang na saad niya. “Sa narinig kong mga sinabi ng Crystal na ito sa anak mo noong gabing dumating ako, maski ikaw ay manliliit sa sarili mo kapag sa iyo sinabi iyon!”

“Tulungan mo ako, Troy,” pakiusap na naman nito para sa anak. “Hindi ko akalaing napakatanga ng anak ko pagdating sa pag-ibig. I understand him because he has an artist’s sensitivity. But he’s too young para sayangin ang buhay at panahon niya sa babaeng alam ko namang paglalaruan lang siya.”

“Ah,” aniya, “kung ano man ang magawa ko ay huwag ka nang makikialam, Ate. Let me handle this *my way!* Kung ayaw pumunta ng anak mo sa New York ay sa Africa ko siya ipatatapon! At sa impiyerno ko naman dadalhin ang babaeng iyon!”

In a way, nasisiyahan si Letty sa sinabing iyon ng kapatid. Kapag nagagalit kasi si Troy at kung ano ang pumasok sa kukote ay talagang gagawin, maprotektahan lamang ang interes ng isang kapamilya. Alam din nito na hindi niya kayang saktan ang pamangkin.

Ngayon pa lamang ay sorry na ako sa Crystal Gordon na iyon! naisip nito.

Nakadungaw mula sa bintana sa silid-tulugan si Troy nang marinig niya ang screech ng gulong ng isang sasakyan na pumasok sa driveway ng villa. Inaasahan niyang isang spoiled brat na kaibigan ni Jonas ang nagmamaneho niyon. Subalit nang humimpil iyon sa dulo ng driveway sa tapat ng garahe ay natanaw niya ang isang low-slung sports car. Bumukas ang pinto ng driver’s seat at namangha siya dahil babae ang may dala niyon. Sa kutis pa lamang nito ay alam na kaagad niyang iyon si Crystal, ang half American, half Filipino na kinalolokohan ng kanyang pamangkin.

Hindi nga nag-exaggerate si Jonas nang sabihin nitong si Crystal ang pinakamagandang babaeng nakilala nito.

Mula sa layong iyon ay kitang-kita niya ang walang halong artificial na pampaganda ang Amerasian nitong mukha. Ang dark brown nitong buhok ay nagkukulay pula sa sinag ng araw sa oras na iyon ng umaga. Sa kasuotan nito ay hindi niya masabi kung old-fashioned ba o fashionable ang dalaga.

Ang suot nito ay isang makulay na kilt at kulay gray dress shirt; nakakurbata pa ito. Naka-knee socks din ito na katerno ng sweater at itim na buckle shoes. Larawan ito ng isang tipikal na taga-Scotland, subalit sa mata ng pangkaraniwang Pinoy ay masyadong maporma. Sa minamaneho nitong kotse ay halatang spoiled din ito, larawan ng isang babaeng nakukuha ang lahat ng naisin.

Naramdaman ni Crystal na may nakatingin dito. Walang mintis at deliberate ang pagdako ng paningin nito sa bandang itaas ng villa kung saan nandoon ang silid ni Troy.

Saglit na nag-isip ang dalaga. *Hmm...* anito sa sarili na tumaas ang isang eleganteng kilay at may kalahating ngiti sa mala-palaso ni Cupidong mga labi. *A prospective admirer?*

Hindi nagbawi ng tingin si Troy kahit nahuli siya nito na nakatingin. Mayroon ding impresyon na nabuo sa isipan niya. *An angel born in hell?*

Kaagad siyang nanaog upang makilala ang legendary na si Crystal. Hindi siya handa sa nakita sa malapitan. Maski siya ay umamin sa sarili: *She is breathtaking!*

Naunahan din siya nito na magsalita.

“Who are you?”

“I am Troy Gonzaga,” sagot niya. “Jonas’ uncle.”

“Ah, ikaw pala ang uncle ni Jonas!” nakangiting sabi ng dalaga. “Idol ka niya. Lagi siyang may kuwento tungkol sa ’yo.”

“I’ve heard so much about you, too, Miss Gordon,” pakli niya. “At pinupuri kita sa bilis mong matuto ng Tagalog.”

“Oh, that? I have a talent for languages,” anitong nagmamayabang. “I only speak five, and my goal is seven.”

“I am not asking,” malamig na saad ni Troy na kaagad nairita.

“So, you already know me,” seryosong sabi ni

Crystal. “And I think, lahat negatibo ang mga bagay na narinig ng iyong mga tainga?” pilipit ang dila nitong dugtong.

“Ba’t mo alam?” balik niya na sinadyang makainsulto.

Naningkit ang mga mata nito. “Well, wala akong dapat na ika-defensive; totoo namang lahat ng nasabi tungkol sa akin!”

“That you were dubbed as a face that could launch a thousand ships?” Hinuhuli niya kung gaano ang pagka-vanidosa ng babae.

“A very apt understatement; hindi ko hawak ang pag-iisip ng mga tao,” tugon nito. “If they find me beautiful, it’s not my fault. I am just thinking, hindi mo pa naman ako lubos na kilala’y may impresyon ka na agad sa akin?”

“And what do you expect me to feel or think about you?”

“Do you find me attractive?” prangka nitong tanong na tinitigan si Troy nang pailalim.

“I have a different idea of beauty,” aniya. “You’re *not* my type.”

Nanlaki ang mga mata ng dalaga; iyon na yata

ang pinakamalaking insulto na natanggap nito sa buong buhay. “Well,” malamig na sabi nito na tinaasan siya ng kilay at hindi nagpahalatang naapektuhan, “I can’t please everybody, can I?”

Hindi na-miss ni Troy ang palusot ng kausap kahit alam niyang naiinis na ito sa kanya. Marami na siyang nakilalang mga babae na magagaling umarte, makuha lamang ang nais sa isang lalaki subalit lahat ay pikon.

“And so, sinasadya mong maging bad girl ang image mo para maging open ka sa pansin at puna ng lahat ng tao, is that it?”

“I am telling you, Mr. Gonzaga, you don’t know me!” Nag-iba ang expression ng mukha ng dalaga nang makitang bumababa na ng hagdanan si Jonas. “Oh, there you are, Jon!” Kaagad itong lumapit sa nakababatang lalaki at hinalikan ito sa pisngi. “You have a very charming uncle,” dugtong pa nito na tumingin nang pailalim kay Troy. “He kind of entertained me habang wala ka.”

Tinitigan kaagad nito ang suot ni Jonas na kamisetang may nakatatak na pangalan ng isang civic-oriented group.

“Hello, Tito Troy,” bati ng pamangkin sa kanya.

“You promised to drive me along the countryside,” malambing namang sabi ni Crystal kay Jonas.

“He has a civic duty to render,” sambit ni Troy na lumapit sa dalawa. “May isasagawang medical mission ang grupo ng mama niya sa isang remote barangay; hindi na niya sinabi sa ’yo para may maisama siyang makakatulong sa pag-assist sa medical team doon.”

“It’s nice for you, Jon, to have an uncle who is near your age,” anang dalaga na kumapit sa braso ng binata at saka niyaya ito patungo sa kotse. “You know, sa lahat ng hate ko ay ang masira ang aking plano. Now, kung hindi mo ako ipagda-drive along the countryside, I’ll do it myself. Do your civic duty. I’ll go pack my bags at mag-check in na lang ako sa isang hotel.”

Napakamot naman sa ulo si Jonas at alam kaagad kung ano ang ibig ipahiwatig ng dalaga. “Kailan kita maipapasyal kung ganoon?” takot nitong tanong.

“Hindi na,” malamig na tugon ni Crystal na sinadyang lingunin si Troy. “Alam mo madaling mag-change ang isip ko. Nobody has ever refused me at ayaw ko ng OPM!”

“Anong OPM?” tanong ng kausap na ang alam na kahulugan ng mga daglat na iyon ay *Original Pilipino*

Music.

“OPM,” nakangiting paglilinaw ng babae, “Oh, Promise Me!”

Nais ding matawa ni Troy sa sinabi ni Crystal, subalit nais niyang ipakita rito na hindi siya apektado ng kahit ano ang sabihin nito maski napaka-humorous pa.

“Why don’t you just join me in the medical mission?” alok pa ni Jonas.

“Nope, I don’t feel like being Miss Goody-Two-Shoes,” nakaismid na tugon nito, nagkibit-balikat at sa kawalan ng pasensya ay ipinadyak na ang isang paa. “Ang baduy-baduy mo talaga! How corny!”

Noon din ay hinubad ni Jonas ang suot na kamiseta. “Wait!” anito na nagsimulang lumakad papasok ng bahay. “Kung nababaduyan ka sa suot ko’y magpapalit agad ako! Hintayin mo ako d’yan, magbibihis lang ako!” Napatigil ito bago umakyat ng hagdan. “Tito Troy, I hope you don’t mind? Nauna talaga akong nakapangako kay Crystal.”

“No,” tugon niyang hindi ipinahalata ang inis sa tinig. “A promise is a promise.”

“Thanks, Tito,” masayang tugon ng pamangkin na

mabilis na umakyat. “I knew you would understand.”

God! bulalas niya sa nasaksihan. Napatingin siya kay Crystal na may ngiti ng tagumpay sa mukha. *She is a first-class bitch!*

Kahit nais mag-uumusok ng kanyang tainga sa inis ay hindi niya makuhang magalit; asar-talo siya kapag ipinahalata niya iyon.

Habang nagbibihis sa itaas si Jonas ay tinitigan niya lamang ang dalaga na nakipagtitigan din sa kanya. May battle of wits and wills na naganap.

May isa pang kotse na humipil sa driveway. Napatingin si Troy sa dako ng malaking pinto at hinintay kung sino naman iyon na dumating.

“Hello, Troy, Darling,” bati ng isang napaka-sophisticated na babae; lumapit kaagad ito at hinalikan siya sa labi.

May makahulugang ngiti naman na sumibol sa mga labi ni Crystal.

“Hello, Olga,” ganti niya nang matapos ang paghalik nito. “Are you going to the medical mission, too?”

“I have every intention of doing so, yes,” nakangiting tugon ni Olga at saka nito napansin

si Crystal. Kaagad na napaangat ang isa nitong eleganteng kilay nang makita ang magandang dalaga.

Hindi naman nagpaagrabyado si Crystal; tunitig din ito at tinaasan ng kilay ang bagong dating na babae.

“Ah, Olga,” sabi ni Troy, “this is Miss Crystal Gordon, Ate Letty’s house guest. Miss Gordon, this is Olga Monteverde. Her father is a three-termer at the Senate.”

“Ah, siya ba si Crystal?” ani Olga na may plastic na ngiti sa mga labi. Lumapit ito at nakipagkamay sa kaharap na dalaga. “I’ve heard so much about you.”

Lalong tumingkad ang antipatikang ngiti sa magandang mukha ni Crystal. “I’m sorry but I’ve heard nothing about you, Miss Monteverde,” malamig na tugon nito.

Naramdaman kaagad ni Troy ang friction sa pagitan ng dalawang babae; pakiramdam niya ay nasa pagitan siya ng nag-uumpugang bato.

Para kay Olga, iyon na marahil ang pinakamalaking insultong natanggap dahil nga sikat sa buong Pilipinas ang pamilya nito at palagi pa itong nasa society pages ng mga pangunahing peryodiko. At hindi ito papayag na hindi makaganti.

“Ah, Darling, don’t you think the weather is too warm today?” baling nito sa lalaki at pinatutsadahan ang kasuotan ni Crystal. “It could be freezing cold in the Scottish Highlands but never here in the Philippines!”

Kaagad na nagsalubong ang mga kilay ni Crystal. Pinigil nito ang sarili na sabunutan ang babae.

Noon naman ay bumaba na si Jonas na ang suot ay itim na kamiseta at tangan ay itim ding leather jacket. “Hello, Tita Olga,” bati nito sa bagong dating na babae.

“Hello, Jonas,” tugon ni Olga na may interesadong tingin nang umabrisiyete si Crystal sa binata.

“Don’t worry, kapag maaga kaming natapos mag-stroll ni Jonas, we will join you in your medical mission,” sabi ni Crystal. “Hindi ba, Jon?”

“Sure, Babes.”

At bago pa sila makalabas, isang provocative na ngiti ang pinakawalan ni Crystal sa direksyon nina Troy at Olga. “Bye, Uncle Handsome,” sweet nitong sabi. “And ’bye to you, Tita Olga... you Oldies but Goodies.” Saka mabilis nitong hinatak si Jonas patungo sa kotse.

“Aba’t...! Antipatika!” bulalas ni Olga na susugurin sana si Crystal kung hindi lamang pinigil ito ni Troy.

“Don’t mind her, Olga. Let’s go and have some breakfast before we leave for the medical mission,” saway niya na hinatak ang babae patungo sa komedor. Talagang dapat siyang umisip ng isang drastic measure para maturuan ng leksyon si Crystal. *But for the meantime, dugtong naman ng kanyang isip patungkol kay Olga, what am I to do with this equally tiresome woman? Malamang na sinabihan na naman ito ni Ate na dumating na ako from the States!*

“Ate Letty,” reklamo ni Troy nang makauwi na sila mula sa medical mission, “how can I concentrate on our problem regarding your son, kung binigyan mo naman ako ng pansarili kong problema?”

Alam ni Letty na patungkol kay Olga ang sinabi niya.

“Alam mo namang ayokong malaman ng mga babae na dumating na ako,” dagdag pa niya.

“Pero, Troy,” tugon nito, “sa lahat ng mga naging nobya mo, si Olga ang nais kong makatuluyan mo.”

“I’m not yet ready to settle down,” malamig na

sabi niya.

“Ibinibigay ko sa ’yo ang mga problema ko tungkol kay Jonas,” anito, “pero pinoproblema din kita. I want you to be happy,” lambing pa nito sa kapatid. “I promised our parents bago sila namatay na sisiguraduhin kong magiging maligaya ang aking little brother.”

“At ang pag-aasawa ba ang makakapagpaligaya sa akin?” medyo natatawang tanong niya.

“Maybe yes,” sagot nito. “Alam ko, kaya panay ang biyahe mo sa iba’t ibang bansa, you are searching for something. Marahil ay hindi mo alam kung ano iyon na hinahanap mo. But I am trying to help you find that out by suggesting that you get married.”

“At doon pumapasok si Olga, ganoon ba?”

“Right,” sang-ayon nito na humawak sa braso niya. “She is beautiful, intelligent, witty at puwede mong ipagmalaki.”

Napangiti siya sa sinabi nito. “Ate,” aniya, “Olga can be what you call a man’s woman but we’re just friends now.”

“Okay, kung hindi mo type si Olga,” pakli ni Letty, “si Marianne na lang.”

“Marianne is too good for me,” natatawang sabi niya habang napapailing din. “She’s a saint! Kung siya ang pakakasalan ko, para mo na rin siyang itinulak sa impiyerno.”

“At least—”

“No, Ate,” pigil niya sa sasabihin nito, “let me do my own searching, okay? I can handle my own affairs. And why the rush? I am not yet thirty!”

“Alam ko,” anito. “I am just doing this dahil...”

“Dahil ano?”

“I am afraid na baka pati ikaw ay ma-in love kay Crystal.”

“But that’s ridiculous!” natatawang sabi niya.

“Huwag kang tumawa-tawa d’yan,” babala nito. “I saw how she looked at you kanina nang dumating sila ni Jonas sa medical mission.”

“And?”

“I think she means to get you.”

“Ate,” ani Troy na sinapo ang mukha ng kapatid at hinalikan ito sa noo, “hindi na ako katulad ni Jonas, okay?”

“Kung sa ibang babae, hindi ako nangangamba para sa inyong dalawa ni Jonas,” pahayag ni Letty. “But when it concerns Crystal Gordon, I couldn’t help worrying.”

“Huwag kang mag-alala, Ate. Kung ako man ang tina-target ngayon ng house guest mo, she’s in for the surprise of her life.”

“How tiresome can you get, Jonas!” naiiritang singhal ni Crystal sa binata saka magdudumaling lumabas sa balkon at doon ay naghalukipkip ng mga braso. “But, Crystal, you’re also invited to my cousin’s birthday party,” sabi ni Jonas na sumunod lamang sa dalaga. “Isa ako sa mga magsasayaw ng cotillion. Most of my relatives will be there and they want to meet you.”

“I am not interested in meeting them,” matigas na sabi niya. *I am interested only in getting one of your relatives’ attention and he is an exasperating snob!*

“Ano ang sasabihin ko sa kanila?” tanong nito.

“Tell them the truth,” sarkastikong tugon niya na nanlalaki ang mga mata. “Tell them that I find them lousy and that I’m not in the mood to see them, okay?”

“Hindi ko puwedeng sabihin iyon sa kanila,” tutol nito na manhid ang kalooban sa galit. Para rito, kailanman ay hindi makakagawa o makakapagsalita ng palso si Crystal. “Sabi ko sa kanila ay napakabait mo. I told them—”

“You’re a fool!” nakasimangot na pakli niya. “How can you say that when most of your family friends know how I dumped your cousin Darren and I even heard one of them say that I am making you a lap dog, my boy toy, a doormat....”

Marami pa sanang sasabihin si Crystal subalit hindi nakapagpatuloy dahil namataan niya si Troy na nagtungo sa direksyon ng komedor. Biglang kumislap ang mga mata niya sa isang ideyang naisip.

“Ah, Jonas,” biglang lumambing ang kanyang boses at saka nilapitan ang binata upang haplusin ito sa pisngi, “hindi ba a-attend ang iyong Tito Troy sa party?”

“Pupunta,” tugon nito. “Pero hindi natin siya kasabay. Narinig ko kasi siyang kausap si Tita Olga kanina sa phone. Mukhang nagpapasundo ito kay Tito Troy.”

“What is... nagpapasundo, Jonas?” tanong pa niya dahil hindi niya matandaan kung ano ang ibig

sabihin niyon.

“Sundo,” sagot naman nito, “means to pick up from a certain place. Para sabay silang darating ni Tito Troy sa party.”

“Ah, I see,” sabi niya na tumangu-tango.

“Sila ni Tito Troy ang representative ni Mommy sa party,” dugtong pa ng binata. “I also heard that Tito Troy will go sailing.”

“Sailing?”

“Yes, sailing,” anito. “Tito Troy has a new yacht. And they will go sailing either today or tomorrow.”

Nangislap lalo ang mga mata ni Crystal, may namuo na namang ideya sa isipan. “How about you?” tanong niya. “Hindi ba ikaw kasamang mag-sailing?”

“No, why should I go with them? Sasama lang ako kung kasama ka para foursome tayo nina Tito Troy at Tita Olga,” sagot nito.

“Kasama ba si Tita Olga mong mag-sailing?” tanong niya. “Is she your Tito Troy’s girlfriend?”

“Yup, that’s what I know,” sagot nito. “Baka nga malapit na silang magpakasal, eh. Botong-boto pa si Mommy sa kanya.”

“Kanino?”

“Kay Tita Olga. But I do not know kung kasama nga siyang mag-sailing.”

“I see,” malamig na saad niya at kaagad na nagpasya. *Then I must find out if she’s coming for sure, mustn’t I?* Pagkuwa’y nakabuo na kaagad siya ng plan of action. “Hey, I left my tennis gear at Lynette’s house noong maglaro tayo doon the other day,” aniya sa binata na may tono ng pang-uulok. Hindi naman totoong naiwan niya ang kanyang tennis get-up doon. “Puntahan mo naman sa kanila ngayon din and get it for me, please? Kung open na sana ang mga department stores, I will just buy a brand-new tennis skirt at hindi na kita uutusan... hmm?”

“Hindi ba puwedeng shorts at t-shirt na lang ang isuot mo?” suhestyon naman ni Jonas.

“It’s either I wear my own tennis gear or I won’t play at all!” pagmamatigas niya.

“Okay, pupunta ako kina Lynette,” anito na nagtungo na sa direksyon ng garahe. Iniisip nito kung paano naiwan ni Crystal ang tennis gear niya sa bahay ng kaibigan nitong si Lynette samantalang pagkatapos nilang maglaro ay umuwi ang dalaga na suot pa ang unipormeng panlaro.

Ah, baka hindi ko lang napansin, anito sa sarili na pilit isipin kung naiwan ba ang tennis gear o hindi. Naisip nitong mabuti na ang sigurado. Tatal naman ay Sabado, walang masyadong traffic mula Makati patungong Quezon City.

Palibhasa may pagkaulukando, madaling napaniwala si Jonas na kapag wala na ang sumpong ni Crystal at sinunod nito ang bawat kapritsong sasabihin niya ay sasama siyang dadalo sa birthday bash ng pinsan nito.

I'll only go to that boring party if Troy's the one who'll escort me! desidido namang sabi ni Crystal sa sarili habang patungo sa komedor.

“Good morning,” bati niya na umentra sa komedor.

Naroon na ang magkapatid na Troy at Letty. Kaagad na tumindig ang binata upang ihatak siya ng silya.

What a gentleman, hmm? sabi niya sa isip.

“Good morning, Crystal,” bati ni Letty. “How was the party you attended last night?”

“Boring,” tugon niyang naupo sa silya na katapat ng inuupuan ni Troy. “And there’s another party tonight

that Jonas wants us to go to. I think nakakasawa na, lalo na ang mga guys. Palagi na lamang sinasabi that I am beautiful.”

“What do you want men to say to you instead?” tanong pa ni Letty.

“Well,” sagot ni Crystal na may pailalim na titig sa lalaki, “it will be a novelty for a man to say that I am not his type. Hindi ba nakaka-challenge iyon, Aunt Letty?”

“Why, yes,” tugon nitong napatingin sa kapatid. “Mayroon na bang lalaki na nagsabi sa ’yo na hindi ka niya type?”

“In fact, meron,” nakangiti pang sabi niya.

“Well, the man must be blind or an idiot!” pakli ni Letty na walang malay na ang kapatid nito ang tinutukoy ni Crystal.

“I was a good sport naman, eh,” aniya na lalong nilamyusan ang tinig. “I said I couldn’t please everybody. But all the same, hindi ako nag-believe that he meant what he said. I feel it’s exactly the opposite.” Saka niya nginitian si Troy.

Ang lakas din ng pananampalataya nito sa sarili!
naaasar na bulalas ng lalaki sa isip.

“By the way, where is Jonas?” tanong ni Letty sa dalaga.

“He went to Lynette’s.”

“May usapan ba sila ni Lynette?”

“None,” sagot niya na may matamis na ngiti sa mga labi. “He was so nice to volunteer to get my tennis gear na naiwan ko doon kina Lynette. It’s my favorite uniform whenever I play tennis.”

If I know, kahit pa mamahaling kotse ang maiwan mo kung saan ay wala kang pakialam kung hindi na iyon mabalik pa sa ’yo, tiim-bagang na saad ni Troy sa sarili.

“Well, he is a very considerate person to understand my predicament,” napaka-sweet pang dagdag niya na ayaw ring ma-offend si Letty dahil hindi nito makakasalo sa agahan ang anak.

Nagkaroon ng palitan ng tinginan sa magkapatid; parang may isinenyas si Troy sa Ate Letty nito.

“Ehem!” medyo napaubo na sabi ng ina ni Jonas. “Do you mind, Crystal, if we leave you after breakfast? Baka kasi matagalan si Jonas na makabalik mula kina Lynette.”

“Why, sure, Aunt Letty,” tugon niyang may

gracious na tono. “Where are you going?”

“I’ll be leaving with Troy,” sagot nitong hanggang tainga ang ngiti. “I am going to visit a dear friend in Malate then he will take me with him to the *Manila Yacht Club*. He has just acquired a yacht and he wants me to see it.”

“You have a yacht?” kunwari ay gulat niyang tanong sa lalaki, sabay tingin dito.

“Yes,” simpleng sagot ni Troy na napatingin sa nakatatandang kapatid; nagkaroon sila ng palitan ng makahulugang tinginan.

“Can you take me with you?” buong inosenteng tanong ni Crystal. “I love sailing, you know.”

“You love sailing? Of course you do!” sabad naman ni Letty. “I remember, your dad also has a yacht. I am sure Troy will be glad to take you.... But then again, wouldn’t you rather wait for my son and play tennis?”

“Oh, no,” pakli niya. “I know Jonas won’t mind if his uncle will take me sailing. But then again, I might overcrowd you.”

“Why do you say that?” tanong ni Letty.

“Troy might have other... guests on board?”

tanong niyang kunwari'y nahihiya.

“No,” pakli ng babae. “He has none. In fact, ako lang ang kasama niya. He just wants to try out his new yacht, you know.”

“Really?” Matamis ang ngiti niya.

“Yes,” ngiti rin nito. “Maybe you should write Jonas a note to inform him that you are going sailing with his uncle,” suhestyon pa nito.

“That’d be a good idea,” anang dalaga na kaagad tumindig upang kumuha ng stationery pad sa sala. Pagbalik ay tangan na niya ang ballpen at papel, at saka sumulat ng maikling liham para kay Jonas.

Si Letty naman, komo nagaganap na ang pinagplanuhan nilang magkapatid ay buong yuming humigop ng kape sa tasa nito upang ma-suppress ang kaligayahang nadarama at mailalayo na nito ang anak sa dalaga.

“There, hindi na nga ba dapat ako na sumulat?” ani Crystal sa medyo baluktot na Tagalog at napatigil sa pagsulat. “Why should I write when I could call him on the phone and tell him I’d gone sailing with you,” baling niya kay Troy. “And Crystal Gordon never asks permission from anybody if she wants to go somewhere. Kung kailangan man, siyempre, kay

Daddy. Kasi hihingi ako sa kanya ng maraming pera.”

“I’m sure it is the right thing to do, Crystal, my dear,” malambing na saad ni Letty. “Pero kung tatawagan mo si Jonas sa kanyang cell phone, maybe he’ll try to stop you. He could be very tiresome, you know.”

“Makulit?” pag-translate pa niya sa Tagalog.

Tumango si Letty. Si Troy naman ay tahimik lang na nagkakape.

Kagyat na nag-isip ang dalaga at binala-balanse ang sinabi ng ina ni Jonas.

“My son will be worried sick if he didn’t know where you went or with whom.”

“Okay, I’ll write him a note,” ani Crystal na nagpasya saka nagpatuloy na sumulat sa stationery.

“Then it is settled!” pangwakas ni Letty na may expression ng tagumpay sa mukha. “You are coming with us. We’ll go see my brother’s yacht and sail along the bay.”

“Yeah,” masayang tugon niya na nginitian ito. *Maybe something will come up and you will be detained from coming with Troy and me. That would be nice! It would be nice to have him all for myself!*